# BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 10 | 10.00 | DECEMBER 5 - 11, 2022


## Apat na aspirante nagharap ng COC para sa Cavite 7th district special election

Sundan sa page 2

# CELAs ng murang pabahay ipinamigay sa Naic

*Kami rin po ay nangangarap magkabahay, Pangulong Marcos -- Naicquenos*




*Nakangiti si Presidente Bongbong Marcos habang iniaabot ang malaking susi na simbolo ng pagmamay-ari sa isang benepisyaryo ng murang pabahay ng NHA sa okasyong ginanap, Lunes, Dis. 5, sa Barangay Calubcob, Naic./ Cavite PIA fotos*

**ni GENE TAPARAN TAN –** Sa daan-daang pabahay na ipinagkaloob sa mahihirap at walang bahay sa Barangay Calubcob, Naic, mayroon bang lehitimong residente ng bayang ito ang naging mapalad na benepisyaryo?

Ito ang itinatanong ng maraming Naicquenos sa pormal na pagbibigay ng certificate of lot awards (CELAs) ni Presidente Bongbong Marcos Jr. sa mapapalad na nabigyan ng murang pabahay nitong nakaraang Lunes, Disyembre 5.

Sa ulat, sinabi na marami sa benepisyaryo ay rebel returnees, mga informal settlers (IFs) mula sa Metro Manila na inilikas sa tinitirhang nasa mga estero, ilog at mapanganib na lugar.

Marami sa mga sumaksi sa pamimigay ng murang pabahay -- na babayaran ng hulugan ng P800 o higit pa sa loob ng mahigit na 30 taon -- ay itinatanong kung kailan naman magtatayo ang National Housing Authority (NHA) para sa mga lehitimong mamamayan ng Naic na walang sariling bahay, nangungupahan at nakikitira lamang sa mga kamag-anak.

Naitanong sa BantayBalita kung paano makasasali sa mabibigyan ng CELAs at nang maging benepisyaryo ng murang pabahay ng NHA.

"Okay lang po at maganda yang programa na 'yan, kaya lang ang hiling namin, sana ang host LGUs ay mabigyan din ng ganoong programa para sa aming tagarito sa Naic," sabi ng isang titser na nakiusap na 'wag na siyang pangalanan.

"Paano na kami ... tatanghod na lang kami," sabi ng isang residente ng Barangay Calubcob.

Nabatid na ang aktibidad na ginanap sa Brgy. Calubcob ay bahagi ng sabay-sabay na pagbibigay ng CELAs sa mahigit na 30,000 housing unit ng National Housing Authority (NHA), katuwang ang Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD).

Matatandaan na noong 2017, mahigit na 700 pamilya ng IFs mula sa Maynila ang inilipat sa Naic na malugod na tinanggap ng noon ay Mayor Jun Dualan sa pakiusap ni dating Presidente at dati ring Manila Mayor Joseph Estrada.

Sa okasyon ito, masayang tinanggap nina Naic Mayor Raffy Dualan at Vice Mayor Jun Dualan ang Pangulo at sinamahan sa inspeksiyon ng nayaring pabahay sa nabanggit na barangay.

Sumaksi sina NHA General Manager Joeben Tai, at DHSUD Secretary Jose Rizalino Acuzar sa pamimigay ng CELAs sa limang pamilyang benepisyaryo at 24 na miyembro ng samahang Kapatiran.

Sinabi ni NHA General Manager Tai na mahigit sa 30,000 pabahay ang naitayo sa maraming lugar sa bansa upang mabigyan ng magandang buhay ang maraming pamilyang Filipino.

Sa kanyang mensahe, sinabi ni PBBM na ang pabahay ay isang kongkretong hakbang upang makapagbigay ng maayos na matitirhan ang mga mamamayan.

Sinabi ng Pangulo na plano niyang magtayo ng high-rise condominiums at mga bahay BLISS (Bagong Lipunan Improvement Sites and Services) na itinayo ng administrasyon ng kanyang ama, dating Presidente Ferdinand Marcos Sr. sa Metro Manila noong kalagitnaan ng dekada 1980.

Sa narinig, nasabi ng maraming residente ng Brgy. Calubcob na sana, maisip ng Pangulo na magtayo ng katulad na BLISS sa lupang pag-aari ng gobyerno sa Naic.

"Kami naman po ay mabigyan sana, kami man ay nangangarap ding magkaroon ng sariling bahay, Pangulong Bongbong Marcos," sabi ng ayaw magpakilalang guro ng isang public elementary school sa Naic.




*Babayaran sa mahigit na 30 taon, pormal na ibinigay ang certificate of lot awards (CELAs) sa mapapalad na benepisyaryo ng murang pabahay na programa ng National Housing Authority (NHA) sa Barangay Calubcob, Naic, Cavite, Lunes, Disyembre 5, 2022.*

## PAO chief slams former DoTR official for irresponsible statement

See page 7

**by BB Central Desk –** Public Attorney's Office (PAO) chief Persida Rueda-Acosta, Deputy Chief Ana Lisa Soriano and PAO-National Capital Region Director Revelyn Ramos-Dacpano assailed Mark Tolentino, a former DoTr assistant secretary for accusing public attorney's lawyers of forcing the accused in crimes to plead guilty to lower their prison sentence or penalty.

Tolentino claimed during a program at SMNI News Channel claimed that that lawyers from PAO were forcing even the "innocent" to plead guilty for a lesser offense with either a lowered prison term or penalty.

For this "observation", Rueda-Acosta demanded that Tolentino apologized and correct his infuriating statements against the PAO and its lawyers.

The PAO chief clarified that it is

# Maagang pamasko sa mga batang GMAians!

**ni DOMZ B. CAOILE –** Nag-advance 'Merry Christmas po' si General Mariano Alvarez (GMA) Mayor Maricel E. Torres sa mga kids nitong Huwebes, sa unang araw ng Disyembre.

Sa kanyang Facebook page, sinabi ni Mayora Maricel:" Simulan natin ang buwan ng Disyembre nang may ngiti, pagpapasalamat, at pag-ibig."

Una rito, dalawang centenarians -- si Lolo Leon Mesa at Lola Elena Manalo ay binigyan ng P180K bilang pagsunod sa batas na tatanggap ang mga seniors na sumapit sa edad 100.

Ang P100K ay mula sa DSWD at P30K ay mula sa munisipyo ng GMA at P50K naman mula sa pamahalaang panlalawigan ng Cavite, ayon sa itinatakda ng Provincial Ordinance No. 184, series of 2017.

Sabi ni Mayora Maricel, simpleng regalo lang ang ipinamigay niya sa mga batang GMAnians: ito ay school bag na naglalaman ng mga gamit sa paaralan, mga art at learning materials, at mga laruan na unang hiniling ng mga bata sa nanay ng GMA.

Aniya:""Sa kabila po ng limitadong pagkukunan, sinisikap po ng pamahalang bayan na maibigay ang simpleng kahilingan ng mga bata ngayong papalapit na ang Pasko. Sana po ay naging masaya ang mga bata sa ibinahagi naming regalo.

Payo ni Mayora Torres sa mga bata ay magpakabait sila at laging maging mapagpasalamat ano man ang ating matanggap ngayong pasko. Advance Merry Christmas

Yan ang #SerbisyongGMAyPuso.!





*Laging magpakabait kayo, laging mapagpasalamat, sabi ni Mayor Maricel E. Torres sa mga batang GMAians.*

# General Trias City lighting ceremony, gift-giving programs usher in the season of hope

**By RUEL FRANCISCO –** The City Government of General Trias formally opened their Christmas lights decoration in the city hall, city plaza with the giant Christmas tree, and launched the annual 'Adopt a Child, Grant a Wish' program for the children in the city on December 1.

Mayor Luis 'Jon Jon' Ferrer with his wife Monette Ferrer together with Vice Mayor Jonas Labuguen led the symbolic opening of the decorative lights and the giant Christmas tree at the city esplanade to signal the

*See page 7*



*In photo: From right: General Trias City Mayor Jonjon Ferrer with wife Monette Ferrer and Vice Mayor Jonas Labuguen led the the switching on of decorative lights and the giant Christmas Tree at the city esplanade./PIA photo*

# One more time for Pacman


**by NOLI LIWANAG –** Yes, our Pinoy boxing icon. former Senator Manny 'Pacman' Pacquiao is planning to make a big comeback in politics come miidterm elections in 2025.

Pambansang Kamao Sir Manny did not say what position he will aspire for.

"Basta babalik ako, itutuloy ko ang laban ko (sa korapsyon)," he said while preparing for his fight against South Korean YouTuber and martial artist DK Yoo on Dec. 11 at the Korea International Exhibition Center in Goyang.

The fight against DK Yoo is real, Pacman said for they will both try to knock each other out.

He added he needs to work hard, saying: "Kaya panay ang training ko."





***Passion ko talaga ang maglingkod...***

Pacman lost his presidential bid last May 11 national and local elections where former Sen. Bongbong Marcos won.

The only 8-division boxing champ said he decided to run for president because he wanted to eradicate the rampant corruption in government.

"Tumakbo ako, ... kasi gusto ko labanan ang korapsyon, gusto kong maipakulong ang mga korap, ... korapsyon and nagpapahirap sa bansa natin," Pacman said.

He added, his true passion is to serve the Filipino people.

The 43-year old champ said he never regretted running for president,

"Okay lang, kung I failed (to win), basta mahalaga, I tried at hindi naman dun, natatapos ang lahat. Gusto ko lang talaga, mahango sa kahirapan ang kapwa ko Pilipino, at gusto ko, maturuan ng disiplina ang mga tao," Pacquiao added.

Discipline is what is lacking in his countrymen, he said.

Again, Pacman congratulated President Marcos and said: "Sana nga ay mapagkaisa niya ang lahat, at mahango niya ang ating mga kababayan sa kahirapan."

He added, he will run again for government office in 2025 midterm elections.

"Babalik ako, hindi nawawala 'yung passion ko na mag-serve at mapabuti ang mga kababayan natin," Pacman said.

Maybe, he will try local politics, he added.

When asked if he will run for governor, Pacman just smiled.

# Apat na aspirante nagharap ng COC para sa Cavite 7th district special election

**ni LUKAS da SILVA –** Si Bokal Crispin Diego 'Poying' Remulla ng National Unity Party, at mga indipendiyenteng sina dating Trece Martires City Mayor Melencio Loyola de Sagun Jr., Jose Angelito Domingo Aguinaldo. at Michael Angelo Bautista Santos ang magtutunggali sa espesyal na eleksiyon para sa iniwang puwesto sa Kongreso ni Justice Secretary Jesus Crispin 'Boying' Remulla.

Nagharap ng kani-kanilang certificate of candidacy (COC) ang apat na aspirante sa magkasunod na araw ng Martes at Miyerkoles, Disyembre 6 at 7 sa opisina ng Commission on Elections (Comelec) sa Kapitolyo ng lalawigan ng Cavite.

Idaraos ang espesyal na eleksiyon sa 7th district ng lalawigan na binubuo ng mga bayan ng Amadeo, Indang, Tanza, at Trece Martires City bunga ng bakanteng nalikha sa pagbitiw ni Remulla nang hiraning Justice secretary ni Presidente Bongbong Marcos.

Si Poying ay anak ni Sec. Remulla na nahalal na isa sa dalawang bokal ng Sangguniang Panlalawigan ng Cavite, samantalang nagbabalik sa politika si De Sagun, matapos mabigong mahalal na alkalde ng Trece Martires City.

Gagawing automated ang pagbilang ng mga boto sa eleksiyong gagawin sa Pebrero 25, 2023 na gagamitan ng vote-counting machine (VCM) at ng consolidation and canvassing system (CCS), ayon sa Comelec.

# Any comments, Sen. Bong, Sen. Tolentino, Rep. Pidi, re MWFC



THE PUBLISHER

by Henry E. CAOILE

WHAT is this Maharlika Wealth Fund Corporation (MWFC) that the House of Representatives and the Senate proposed to pass?

If passed by the two Houses of Congress, this would order Government Service Insurance System (GSIS) and the Social Security System (SSS), as well as state-owned lenders Land Bank of the Philippines and the Development Bank of the Philippines to provide an initial investment of P200 billion to the so-called sovereign wealth fund (SWF) which will total to P275 billion.

I have yet to see the proposed bill but yours truly is apprehensive. to me it is a suspect: nakapagdududa.

Naalaala ko, former Sen. Bam Aquino IV had filed Senate Bill 1212 to create the so-called SWF in 2016 and a similar bill was filed by Sen. JV Ejercito filed similar 2018.

Binubuhay ito ngayon sa House of Representatives (HOR) ni Speaker Ferdinand Martin Romualdez at panganay na anak ni President Bongbong Marcos, Ilocos Norte Rep. Ferdinand Alexander "Sandro" Araneta Marcos III.

Sa naririnig ko, yung bilyon-bilyong pisong pondo ay ikakapital daw sa mga negosyong kakumpitensiya ng mga negosyo ng pribadong sektor, tulad ng electric power, water, toll gates, at iba pang infra on public utilities and public services.

Kung gayon pala, e bakit hindi na lang bawiin ng gobyerno ang Meralco, ang Maynila at Manila Water Services sa kamay ng private concessionaire nito?

I heard, Ate Imee Marcos is not sold to the idea and doubts its feasibility: tutol ang senadora at makinig kaya sa kanya si Presidente BBM?

May nagsasabi na tamang ilagay sa negosyo, i-invest ang pera ng SSS at GSIS at ng bangko ng gobyerno para kumita at hindi ang mga oligarko na lamang ang nagpapasasa sa pera tinutubo mula sa



Senator Bong REVILLA



Senator Francis TOLENTINO



Representative Pidi BARZAGA

ibinabayad ng taumbayan.

But first, these government owned and controlled corporations should first divulge to the public the many investments they had in many private institutions.

Milyones ang sahod ng mga executives ng SSS, GSIS, mga bangko ng gobyerno na nag-i-invest na sa mga negosyo, ilantad muna kung kumikita ba at magkano na ang kinikita, bago isabatas ang Sovereign Wealth Fund na yan.

Itong Maharlika Wealth Fund Corporation e kinakabahan ako, baka matulad ito sa sa PhilWealth, este PhilHealth na nakurakot lamang ng mga pinutukan ng lintek.

Ang mga ito ang dapat na pinuput ...'na nyo ni Senadora Cynthia Villar, kinakastigo ni Sen. Raffy Tulfo at ni Sen. Robinhood Padilla.

I have yet to hear any objections from our two Cavite Senators Bong Revilla and Francis Tolentino and from our Caviteno Representatives, especially Atty. Congressman Pidi Barzaga of Dasmarinas City.

Mga idol namin, for me the timing is just suspect.

Ano po ang inyong masasabi?

# Investments ng GSIS, SSS, isapubliko



AY, BUHAY

by Liza Fe BONETE

MAGKANO ang karaniwang sahod ng isang regular na kawani sa gobyerno at pribadong kompanya?

Swerte nang umabot sa P30,000 sambuwan, madalas, mas madalas kalahati ito o mas mababa pa.

Pero magtataka ka, magaling magbadyet si misis o si mister -- na masinop na ginagastos ang maliit na sahod, kasama ang diskarte na kumita sa iba-ibang klaseng 'sideline.'

May nagtitinda ng kahit ano mapagkakakitaan ng barya-barya, o nagtatanim sa paso ng mga gulay para hindi na bumili nito ngayon ay 'sky high' ang presyo.

Sa taas ng presyon ng basic commodities, sabi ng Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees (Courage) dapat nang itaas sa minimum na P33K ang sahod sa mga kawani ng gobyerno sa buong bansa.

At sana, ganito ang maibigay sa mga private employees.

Ayon kay Santiago Dasmarinas Jr., presidente ng Courage, sa pagtaya ng IBON Foundation, isang non-government organization (NGO), gumagastos ng P1,119 kada araw. more or less ang isang pamilyang may limang miyembro.

Sabi ni Dasmarinas, 'yung kawani ng gobyerno na may pinakamababang puwesto ay tumatanggap lang ng, more or less, P12,517 kada buwan.

May tumatanggap pa nga ng mas mababa sa sahod na ito sa mga lokal na pamahalaan.

Lalo na yung mga job orber employees o mga empleadong 'endo' o kontraktuwal sa gobyerno.

Sila ay parang manok na kahig nang kahig, wala namang matuka.

Kung may ganito kang 'kalaking sahod,' ay dugyot na dugyot ang buhay mo, isa ngang milagro kung paano pa nabubuhay sa araw-araw ang mga 'diablo' (jobless).

'Yun wala ka na ngang makain, magkakasakit ka pa, ay para ka na ngang isinasangag sa impyerno, at kahit santo ka pa, makakaisip kang magnakaw.

Sabi nga, a hungry stomach knows no laws (walang pakialam sa batas ang isang sikmurang kumakalam).

Sa bilyong-bilyong annual income ng maraming local government units (LGUs), kumilos na kayo -- itaas ang sahod ng janitor, clerk, driver, o tagabukas ng pinto at taga-greet ng mga taong nasa pinto ng inyong mga bossing sa cityhall at municipal hall.

Sa burukrasya ng gobyerno, bawasan ang inyong confidential o intelligence fund, perks at iba pang insentibong free gas, representation, travel allowance at iba pa.

Bawasan na rin ng mga " poor- loving congress people" daw ang kanilang pork barrel at iba pang pamburloloy na gastos mula sa buwis ng dugyot na si Juan Pasang Krus.

@@@

Salamat at natauhan ang House of Representatives na 'wag isama sa panukalang Sovereign Wealth Fund (SWF) ang pera ng mga miyembro at pensionado ng GSIS at SSS.

Ang totoo, nag-iinvest na sa ibang government at public financial institution ang GSIS at SSS sa kanilang investible money -- na ewan ko ba, sabi ng isang pensionado, hindi isinasapubliko ng mga opisyal ng dalawang ahensiya.

Aba, pag tiningnan nyo ang yearly salaries at monetary benefits ng mga opisyal ng SSS at GSIS, mas mataas pa sa tinatanggap ng presidente ng Pilipinas!

Mahigit isa o tatlong milyon, daan-daan libong piso ang payroll ng mga presidente, VPs, GM, assistant GMs, managers, directors at iba pang regional at provincial chiefs ng mga at iba pang opisyal ng SSS at GSIS. e kumusta naman ang tinatanggap ng mga pensioner nito?

May natatanggap bang divi[dens o dagdag na pension o benepisyo ang mga members at pensioner nila?

Sana obligahin ni Presidente Marcos Jr. na isiwalat sa publiko ng mga bossing ng GSIS, SSS at iba pang revenue generating agencies ng gobyerno ang kanilang investments, tutal, ang pangako niya, good governance and transparency sa pamamahalang bayan.

Ay, ilang kain na lang ng tuyo, bagoong at gulay at konting ulam, Pasko na.

Sa mga nagdiriwang ng Pasko, Merry Christmas, at sa mga kababayang di nagdiriwang ng Christmas ng Katoliko, sana po, magkaroon tayo ng Prosperous New Year.

BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

Publisher: HENRY E. CAOILE
Editorial Consultant: ELI TAPARAN II
Executive Editor: DOMZ B. CAOILE
Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA
Circulation Manager: LIZA FE BONETE
Contributing Writers: NOLI LIWANAG
LUKAS DA SILVA
GENE T. TAN
ED 'MUTO' G. CUENCA
Batangas Correspondent JOSE ALEX MASBAÑO
Art & Production Manager: ART BEJASA

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

# Mabuhay, PAPI Family, ngayon ito ang pinakamalaking media organization sa Pilipinas

**ni DOMZ B. CAOILE –**

Makabuluhan at maluwalhating naidaos ang tatlong araw na 26th National Press Congress sa PearlMount Hotel sa Cagayan de Oro City na masiglang dinaluhan ng maraming inimbitahang guest of honors and speakers, sponsors at ng maraming indibidwal na miyembro ng Publishers Association of the Philippines, Inc. (PAPI).

Ang mga attendees ay pormal na tinanggap ng pangulo ng PAPI, Sir Nelson Santos at ng iba pang opisyal ng samahan na tinampukan ng masasayang pagtitipon at pagbibigay ng inspirational messages sa una at dalawang araw na kongreso, Disyemre 6-7.

Sa unang na tinawag na "Governor's Night" nagpakitan-gilas Talisayan Vice Mayor Rommel Maslog na kinatawan si Misamis Oriental Gov. Peter M. Unabia na dumadalo noon sa isang opisyal na lakad sa South Korea na bumunot sa pa-raffle na may premyong cash na P5,000 at ang iba ay tumanggap ng tig- P1000.

Isa sa naging panauhing tagapagsalita si police Colonel Redrico Maranan, chief ng Public Information Office ng Philippine National Police (PNP) na tinalakay ang ginagawang aksiyon ng pambansang pulisya upang mapanatili ang katahimikan at kaayusan sa bansa.



Tinalakay rin ni Maranan, naging dating hepe ng Imus City Police Station, ang ginagawang aksiyon ng ahensiya upang mapangalagaan ang sekuridad ng mga mamamahayag, pati ang pag-uusig at pagsasampa ng mga kaso laban sa karahasan sa mga miyembro ng media.

Tinalakay naman ni Sir Fred Gabot, dating pangulo ng National Press Club at editor-in-chief ng Philippine News Today ang nagbabagong mundo ng pamamahayag sa print at brodkas gamit ang social media at ng digital technology.

Tinalakay rin ni Gabot ang isyu ng freedom of the press and expression at ang pagsunod sa ethics of journalism na dapat sundin ng mga responsableng kasapi ng Fourth Estate.

Pinahalagahan niya ang mahalagang papel ng mga local community press bilang katuwang ng gobyerno sa pagpapalaganap ng mahahalagang impormasyon at tuntuning ipinatutupad ng mga local at pambansang pamahalaan, pati ang mga paraan laban sa pagkalat ng maling propaganda at fake news.




Publishers Association of the Philippines, Inc. (PAPI) President Nelson Santos na masayang binabati at tinatanggap ang pagdalo ng mga inimbitahang panauhin, tagapagtaguyod ng asosasyon at mga miyembro at opisyal ng PAPI sa unang araw ng media conference sa PearlMount Hotel, Cagayan de Oro City, Disyembre 6-8, 2022.



Ang iba pang panauhing tagapagsalita ay tinalakay ang maraming isyung bayan tungkol sa kriminalidad, climate change, proteksyon sa likas na yaman, responsableng pamamahayag at paglilingkod sa bayan.

Tinalakay rin ang mahalagang papel ng media sa pagtataguyod ng mabuting pamamahala at ang tungkuling maging mahusay na bantay at tinig ng mamamayan ng media, lalo na ang mga lokal na mamamahayag laban sa korapsiyon at ang pagtataguyod ng mabubuting programa at proyekto ng mga lokal na pamahalaan at ng pambansang gobyerno.

Sa okasyong ito, tinalakay ni Ms. Rebecca M. Velasquez, executive vice president ng PAPI ang tungkol sa mga problemang hinaharap ng mga lokal na publisher, at ang mga programa at proyekto at aksiyong ginagawa ng samahan ukol sa legal notices, accreditation ng mga community publication at ang mahalagang papel sa pagpapalaganap ng mabubuting impormasyon at aktibidad ng mga lingkodbayan.

Pinasalamatan ni Sir Nelson Santos ang lahat ng dumalo sa media conference, mga LGUs at pribadong indibidwal na tumulong upang maging matagumpay ang pambansang pagtitipon ng mga miyembro ng PAPI.

Nagkaloob din ng mga pagkilala, awards, at iba pang pagpupuri ang samahan sa mga natatanging indibidwal, corporation, ahensiya ng pamahalaan tulad ng DOST, CDO LGU, Misamis Oriental Gov. Unabia at iba pang pribadong tao na nagbigay ng tulong at inspirasyon sa matagumpay na pagdaraos ng 26th PAPI national Congress.



26th National Press Congress

Pearlmont Hotel, Cagayan de Oro City, December 6-8, 2022

Theme: "Collaborative media groups' support to Government towards Enhanced National Food Security, Economic Recovery, and Socio-Economic Welfare"

**PROGRAMME**

**DAY 1 -- DECEMBER 6, 2022**
9:00 a.m.- 11:00 a.m.. Registration
11:00 a.m.- 12:00 nn LUNCH
12:00 nn. - 1:30 p.m. -- **OPENING CEREMONIES**
- Entry of Colors –USTP (University of Science and Technology of Southern Philippines Cadets
- Doxology (Invocation) - (Audio-Visual)
- National Anthem –(Audio-Visual)
- DOST Hymn - (Audio-Visual)
- Conference Overview
  **MS. ANGELINA S. LIM**
  PAPI VP for Mindanao
- Acknowledgement of Guests
  **MS. REBECCA M. VELASQUEZ**
  PAPI Executive Vice President
- Welcome - **HON. ROLANDO "Klarex" A. UY**
  City Mayor, Cagayan de Oro City
- Message - **HON. SANCHO A. MABBORANG**
  DOST Undersecretary for Regional Operations, and OIC-Regional Director, DOST-X
- Message - **MR. JOHNNY P. DAYANG**
  PAPI Chairman Emeritus
- Introduction of the Guest Speaker
  **MR. NELSON S. SANTOS**
  PAPI National President
- Keynote Message
  **HON. RENATO U. SOLIDUM, JR.**
  Secretary, Department of Science and Technology
- Special Message
  **HON. BENJAMIN ABALOS, JR.**
  Secretary, Department of Interior & Local Government
- Special Message
  **HON. CHELOY E. VELICARIA-GARAFIL**
  OIC Press Secretary

Master of Ceremonies: **MR. VENCH CLARK MIER**

1:30 - 2:30 p.m. - **PRESS CONFERENCE**
Moderator: **MS. ALMA OCHOTORENA**
2:30-3:00 p.m.
Topic 1: The Value and Risks offered by Social Media
**MR. ROY MABASA**
Former NPC President, Columnist and Writer
(3:00-3:15 p.m. - Working Snacks)
3:00-3:30 p.m.
Topic 2: The New DSWD Media Welfare Division –
**HON. ROMEL M. LOPEZ**
DSWD-Asst. Secretary for Special Projects
3:30-4:00 p.m.
Topic 3: "Media Security Vanguards"
**P/Col. REDRICO A. MARANAN**
PNP Chief Public Information
4:00-4:45p.m. – **OPEN FORUM**
4:45 pm-5:00pm
**DR. RICHARD NIXON C. GOMEZ**
General Manager
BAUERTEK CORPORATION
5:00 pm-5:15pm - **OPEN FORUM**

**ATTIRE: BUSINESS ATTIRE**

5:00-7:00 p.m. -- **BREATHER/REST**
7:00 p.m. ONWARDS
**GOVERNOR'S NIGHT/DINNER**

**ATTIRE: SMART CASUAL(Black or White or Combination)**

Musical/Dance number -- **FILIPINIANA DANCE TROUPE**
Welcome Remarks: **MR. NELSON S. SANTOS**
PAPI National President
MESSAGE: **HON. PETER "SR. PEDRO" M. UNABIA**
Provincial Governor, Misamis Oriental
MESSAGE: **HON. AHOD BALAWAG EBRAHIM**
Interim Chief Minister-Al-Hadj of BARMM
**- INTERMISSION NUMBERS-**
University of Science and Technology of Southern Philippines (USTP) SANGHIMIG CHORALE

RECOGNITION HONORS Presentation

Awardees:
- **MR. FRANCISO "Popoy" PAGAYON**
  Chairman, Filipino Inventors Society Producer Cooperative. (FISPC)
- **DZRH**
- **CNN PHILIPPINES**
- **GMA 7**

Spotlight on the
-- Macho Star of the Night and
-- Lady Star of the Night
*DANCE DANCE DANCE DANCE*
Master of Ceremonies: **MR. EARL JOHN BELACA**

**DAY 2 -- DECEMBER 7, 2022**

7:00-8:00 a.m. Breakfast
8:00 a.m.-9:30 a.m.
DOST X/ Misamis Oriental Tourism Assets
8:00 a.m.-8:30 a.m.
Topic 4: Region X/Misamis Oriental Tourism
**ATTY. JEFFREY SACLOT**
Misamis Oriental Tourism Head
8:30 a.m.-9:00 a.m.
Topic 5: DOST Region X Program
**ENGR. ROMELA N. RATILLA**
ARD for Technical Operation DOST X
9:00am to 9:30am- Open Forum
9:30am-9:45am Working Snacks
9:30 a.m. -10 a.m.
Topic 6: The Challenges facing the Print Media
**MR. ALFREDO G. GABOT**
Former President, National Press Club
Editor in Chief Philippine News Today
9:45am-10:00am Open Forum
10:00am-10:30 am MESSAGE from Media Partners
KBP, POBA, MIPC, PPI
10:30 a.m.-12:00 noon
**GENERAL ASSEMBLY & BUSINESS MEETING**
= Updates on Legal Notices issues
= Resolutions
= Announcements
= Summary & Closing Remarks
**-DR. PAULUS CANETE**
Vice President for the Visayas

12:00 noon-1:00 pm LUNCH
1:00pm-6:00pm SHOPPING/CITY TOUR

**DAY 3-DECEMBER 8, 2022**
8:00AM- 3:00pm TOUR / BUKIDNON
**HOMEWARD BOUND**






















## PAPI OFFICERS 2022 - 2025



**JOHNNY P. DAYANG** Chairman Emeritus
**NELSON S. SANTOS** President
**REBECCA M. VELASQUEZ** Executive Vice President
**ALMA O. OCHOTORENA** Vice President - Luzon
**DR. PAULUS MARIAE CAÑETE** Vice President - Visayas
**ANGELINA S. LIM** Vice President - Mindanao
**MARK JOHN ARROJADO** Secretary
**CONCHITA P. BARRETO** Treasurer



**LEONIDA P. CARDONA** Auditor
**ELIZAH ANN TEMPLADO** Assistant Secretary
**FRANCIA A. ORLAIN** Assistant Treasurer
**JAIME C. VISTAR** Director - Luzon
**EDUARDO L. CARDONA** Director - Luzon
**EDALYN B. ACTA** Director - Visayas
**DANILO N. SILVESTRECE** Director - Visayas
**ANILA ANNE B. ACOSTA** Director - Mindanao
**ELPEDIO B. SORIANO, JR.** Director - Mindanao




*A beaming Ms Onay Sales (center) shows the certificate of recognition as a pride of Dasmarinas with Mayor Jenny A. Barzaga*

# Dasmariñas Mayor Jenny Barzaga honors "Dollhouse" writer

Dasmariñas Mayor Jenny Barzaga is very proud of resident Rona Lean "Onay" Sales.

Sales is the writer behind the hit Netflix show "Dollhouse."

Barzaga presented a certificate of recognition to Sales for her accomplishment and recognized her as a Pride of Dasma.

Sales' Dollhouse tells the story of a troubled rock band singer who sets out to rekindle a relationship with his long lost daughter.

The show is a certified tearjerker and is one of the most popular show on the streaming site.

Who knew it has a Dasma connection?

"A NETFLIX HIT: Dollhouse. Writer, Ms Onay Sales is a City of Dasmariñas resident and a Pride of Dasma recipient," Barzaga posted./ Politiko South Luzon

# Court of Appeals anti-poor?

**ni HENRY E. CAOILE –** Sabotahe ang ginawa ng Court of Appeals (CA) sa pagbawi sa temporary restraining order (TRO) ng Energy Regulatory Commission laban sa petisyon ng San Miguel Corporation (SMC) na magtaas ng singil sa elektrisidad.



*PBBM: nababahala sa posibleng pagtaas uli ng singil sa elektrisidad*

Ito ang sinabi ng isang grupo ng consumer sa isang sulat na ipinadala kay Presidente Bongbong Marcos -- na nagpahayag rin ng pagkadismaya sa desisyon ng CA.

Sa isang pahayag, sinabi ni Marcos na mas mabuting wag itaas ang singil sa koryente, lalo na ngayong unti-unti nang bumabangon ang ekonomya, kasunod ng paghupa ng epekto ng pandemyang Covid-19.

Sinabi ni Gerry Arances, convenor ng Power for People na hindi nila nais na makialam ang Pangulo sa desisyon ng korte, pero ang isyu ay bakit hinayaan ang hudikatura na hadlangan ang mga hakbang na magbibigay ginhawa at proteksiyon sa mamamayan kumukunsumo ng elektrisidad.

Pinasalamatan ni Arances ang ERC sa hangarin nitong pagaangin ang bigat ng mataas na singil sa koryente.

Malaking perwisyo at pabigat sa taumbayan ang petisyong itaas ang presyo ng elektrisidad na hinihini ng SMC, sabi ni Arances.

Kung kailan magpa-Pasko, saka magtataas ng singil, paghihimutok ng mga grupong kontra sa petisyon ng SMC, sabi sa sulat ng Power for People Coalition, Freedom from Debt Coalition, Diocesan Social Action Center of Calapan at gruo ng manggagawang Sanlakas.

Hiniling ng mga grupong ito na bawiin ng CA ang ipinataw na TRO ng ERC at ipagpaliban ang petisyon ng SMC na magtiaas ng singil sa koryente.

Una rito, sinabi ni Marcos na nababahala siya sa iginawad na TRO ng CA pabor sa Meralco at SMC.

Hiniling din ng Pangulo sa CA na tingnang mabuti ang magiging epekto nito sa buhay ng karaniwang pamilyang Pilipino na mahihirapan sakaling muling magtaas ng singil sa koryente.

# Tolentinos offer free medical and dental services to 'Paeng' victims

**by GENE TAPARAN TAN –** Tagaytay City Mayor Abraham ' Bambol' Tolentino, together with his daughters -- Vice Governor Athena Tolentino and Congresswoman Aniela Tolentino has offered free medical and dental services, relief materials and food packages to people from Cavite 8th District who were displaced by typhoon 'Paeng.'

Beneficiaries of the event dubbed as Handog Serbisyong Caviteno were checked and treated for medical, dental, blood pressure, free haircut and treatment for other sicknesses.

The municipality of Naic was among the communities visited by the Tolentinos, the report said.

Speaking with local journalists at the Naic's covered court, Mayor Bambol said the visit was to check the health condition of the people and at the same time, provide them clinical services and some relief materials to make them comfortable.

Naic Mayor Ruperto 'Raffy' Dualan commended Mayor Bambol, Vice Governor Athena and Congw. Aniela for their kind and swift interventions to make people in distress to cope with the damages brought upon them by the typhoon.

"As your public servants, we want to provide you the basic needs in healthcare and other needs," Vice Gov. Athena said.

Mayor Raffy and local Social Welfare officers thanked Mayor Bambol, Vice Gov. Athena and Congresswoman Aniela for the medical services, including the provision of maintenance medicines, vitamins, food packages and other relief materials.

"Maraming-maraming salamat po,... malaking tulong po sa aming kababayan ang inyong 'Handog Serbisyong Caviteno.' Maraming-maraming salamat po uli," said Mayor Dualan.



*The Serbisyong Handog sa Caviteno was held Nov. 19 at Naic municipal covered court.*



*Far right, Tagaytay City Mayor Bambol Tolentino, Vice Gov. Athena Tolentino, Naic Mayor Raffy Dualan and unnamed municipal personnel. /Photos by Gene T. Tan*

# Biz Leader Thanks NSA Carlos For Ending Practice Of Red-Tagging

**PNA –** Ed Chua, chairman of the Business for Sustainable Development and the Makati Business Club (BSD0NBC) expressed gratitude to National Security Adviser Clarita Carlos for ending the practice of red-tagging in government.



**National Secuirty Adviser**
**Prof. Clarita Carlos**

Carlos also serves as vice chair of the National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC).

Chua thanked former University of the Philippines (UP) Professor Carlos during a dialogue with other business leaders at the Asian Institute of Management (AIM) in Makati City over the weekend..

The dialogue was the first time a national security adviser held a meeting with members of the business community.

Chua described red-tagging as "highly divisive" and "does not really address the main causes of why some of our countrymen have gone underground."

Carlos earlier said there will be no more red-tagging in the administration of President Ferdinand R. Marcos Jr., saying that "it makes no sense labeling people."

# PAO chief slams...

from page 1

mandated by law for an accused to plead guilty for a lesser offense as part of the plea bargaining agreement, especially when the offender is amenable that he committed the crime.

Rueda-Acosta explained that the court, the judge and prosecutor, will first have to carefully study and review all evidence at hand before agreeing on the plea bargaining.

"This does not involve only the public lawyers," she said.

The statement made by Tolentino who is also a lawyer had o besmirch the reputation of PAO, Rueda-Acosta said.

To "educate" Tolentino, the PAO chief said that the agency had 2, 493,123 favorable judgments in criminal cases including acquittals of 218, 883 and winning appealed cases of 12,419.

She added that Tolentino's accusations were insulting to the people who made PAO and its lawyers the most trusted institution and professionals, respectively, as shown by a survey conducted by the Social Weather Stations (SWS) and commissioned by the Justice Sector Reform: Governance in Justice II (GoJust2).

Conducted from Aug. 29 to Sept. 4, 2021, the SWS survey was made in public in time for the convening of the 2022 National Legal Aid Summit held from Nov. 27 to 30, 2022.

Called the Justice Needs Survey, the SWS poll showed that 57 percent of the 3, 900 respondents said that they trusted PAO.

Of professionals in the justice sector, PAO lawyers emerged as the most trustworthy with 58 percent followed by private lawyers with 43 percent while the judges ranked third with 37 percent trust rating.

Atty. Rueda-Acosta said that with the recognition, PAO lawyers will be more inspired and motivated to continuously carry out its mandate — that is being the primary defender of the poor.


Thank you to our dear client in CAVITE!

SUCCESS!



NEED OUR SERVICE?

0906 247 8896
0917 654 2042

@dcpetroleumphsales



1 BROTHER'S Paluto kay Lakay

PALUTO KAY LAKAY

219 BLOCK 17 - A, BASECO PORT AREA, MANILA

FOR RESERVATION • DELIVERY • CATERING • PACK MEAL

SMART: 09102260337
GLOBE: 09353129743

PALUTOKAYLAKAYBASECO

SEAFOODS

| | w/rice (good for 1 person) | Ala Carte (good for 2-3 person) |
|---|---|---|
| Sweet & Sour Fish Fillet | 130 | 230 |
| Calamares | 120 | 200 |
| Breaded Fish Fillet | 120 | 200 |
| Breaded Fish in Butter | 120 | 200 |
| Fish Fillet Tausi | 120 | 200 |
| Fish Fillet w/ Tofu | 120 | 200 |

SEAFOODS (good for 3-4 person)

| | ALA CARTE |
|---|---|
| Squid w/ Broccoli | 200 |
| Squid w/ Ampalaya | 200 |
| Fish Fillet w/ Broccoli | 200 |
| Fish Fillet w/ Ampalaya | 200 |
| Steam Fish Fillet w/Garlic | 220 |
| Shrimp Tempura | 220 |
| Shrimp Ampalaya | 220 |
| Breaded Shrimp | 220 |
| Breaded Shrimp in Butter | 220 |
| Buttered Shrimp | 220 |
| Honey Garlic Buttered Shrimp | 220 |







# General Trias...

mula sa page 2

gradual return of vigor and fun after more than two years in the pandemic and the recent calamities.

About fifty young children from poor families from thirty-three barangays in the city received their gifts from the wish list for this Christmas season under the "Adopt a Child, Grant a Wish" program of the LGU.

Among those who participated as godfathers/godmothers were Vice Mayor Jonas Labuguen and his wife Lorie Labuguen, city councilors, Barangay Chairman of 33 villages, and city department heads.

Meanwhile, Mayor Jon Jon Ferrer gladly announced that the city government in coordination with the Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) – General Trias, made it possible to help twelve Persons Deprived of Liberty (PDLs) be reunited with their families for Christmas as a free citizen.

Under the Light of Hope "Parol para sa Kalayaan" Program of the BJMP, 400 giant lanterns made by PDLs were bought by the LGU with the income from the program to be used to help 50 inmates with the processing of their release papers.

The giant lanterns will be distributed to all thirty-three barangays in the city for their locality's Christmas decorations. (RBF/Philippine Information Agency (PIA-Cavite) with reports from Dennis Abrina)

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE TOMAS C. SERVADO JR.

NOTICE is hereby given that the estate of the late **TOMAS C. SERVADO JR.,** who died on March 11, 2017 at De La Salle University Medical Center, Dasmariñas, Cavite died intestate, without Will or Testament, and without any outstanding debts in favor of any person or entity, left a parcel of land with improvements covered by Transfer Certificate of Title No. T-1095759 located at Ivory Crest Village, Salitran 2, Dasmariñas, Cavite measuring Thirty Five (35) Square Meters more or less, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan, under Doc. No. 431, Page No. 88, Book No. XXI, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 21, 28 & DECEMBER 5, 2022**

## EXTRA-JUDICIAL PARTITION OF THE ESTATE OF THE LATE ARIEL CRUZ

NOTICE is hereby given that the estate of the late **ARIEL CRUZ,** died intestate on April 27, 2007 at Dasmariñas, Cavite, died without will or testament and without any outstanding obligations to whomsoever, he left a parcel of property situated at Alulod, Indang, Cavite and embraced in Property Title with nos. P-4532 Free patent 019242 Lot 10211 Cad 459-D containing an area of Five Hundred Eighty (580) square meters more or less and located at Brgy. Alulod, Indang, Cavite, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jose R. Bawalan, under Doc. No. 121, Page No. 25, Book No. XI, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 28, DECEMBER 5 & 12, 2022**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE ZACARIAS C. FLORES AND CONCEPCION R. FLORES WITH WAIVER OF RIGHTS

NOTICE is hereby given that the estate of the late **ZACARIAS C. FLORES AND CONCEPCION R. FLORES,** passed away without leaving any Last Will and Testament, who died on April 30, 2016 at San Juan, Dasmariñas, Cavite and June 24, 2015 at San Juan, Dasmariñas, Cavite, respectively, the said deceased during their lifetime was the occupant and awardees of the property being offered by National Housing Authority (NHA) located at Blk. 74 Lot 9 Avocado St., San Juan, Dasmariñas, Cavite, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan, under Doc. No. 491, Page No. 100, Book No. XXI, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 28, DECEMBER 5 & 12, 2022**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE SPOUSES DIONISIO P. PADILLA AND NATIVIDAD A. PADILLA AND DOMINADOR A. PADILLA WITH WAIVER OF SHARE

NOTICE is hereby given that the estate of the late **SPOUSES DIONISIO P. PADILLA,** who died intestate on April 26, 1997 at San Jose, Labrador, Pangasinan, and **NATIVIDAD A. PADILLA,** who died intestate on May 18, 2003 at San Jose, Labrador, Pangasinan, and **DOMINADOR A. PADILLA,** who died on June 9, 2018 at Veterans Memorial Medical Center North Ave., Brgy. Proj. 6, Diliman, Quezon City, the said decedents died intestate, without Will or testament and without outstanding debts in favor of any person or entity, left a parcels of land situated in Brgy. San Jose, Labrador, Pangasinan, covered by (1) Tax Declaration No. 16, Property Index No. 013-20-008-01-011, Cadastral Lot No. 6469-P, Agricultural Land Area: 1,800 sq. meters, residential: Land 640 sq. meters; and (2) Tax Declaration No. 20, Property Index No. 013-20-008-01-012, Cadastral Lot No. 6469-B, Land area: Residential 448 sq. meters, were Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan, under Doc. No. 15, Page No. 4, Book No. XXII, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 5, 12 & 19, 2022**

# Pagbabago sa Kalayaan Hospital, ramdam na ramdam na!




BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 10 10.00 DECEMBER 5 - 11, 2022



**REVANZE**

by Domz B. CAOILE

SABI ni Ma'am Eileen Fojas, isa sa matapat na staff ng ating Cavite Cong. Jolo Revilla, hindi na talaga maaawat ang pagbabago sa Distrito Uno.

Binigyang solusyon na ni Vice Gov., hehehe, nasanay na kasi tayo na tawagin siya ng ganoon, ang kulang na medical bed sa Kalayaan Hospital -- na may panukala si Cong Jolo na gawing Level 2 hospital facility para sa mga mamamayan ng Kawit, Noveleta, Cavite City at Rosario at siyempre ng mga kapwa natin Cavitenyo sa ibang distrito.

Sana ang panukalang batas ni Cong. Jolo ay maaprubahan agad nang may may sarili lang pagamutang publiko na matatakbuhan tayo, lalo na ang mga maysakit na tulad ko, hehehe.

Tingnan ang mga ipinamigay na medical bed ng ating makisig na kongresista para masolusyonan ang madalas na ikatwirang kaya ayaw tumanggap ng pasyente kasi wala raw kama.

O ayan, mayroon na, madam Eileen, wala na silang maireReklamo.

Sabi ni Cong. Jolo, pakonti-konti, makukumpleto rin ang kulang na equipments and facilities, tulad ng laboratoryo, at iba pang medical machines sa ospital ng Kalayaan, at siyempre.

Isama na rin ang panukalang pagtataas ng sahod ng ating doktor, narses, mga medical technicians, mga hospital personnel nang sumigla sila lalo sa kanilang trabaho.

At ang mga gamot, at iba pang kailangan upang mapagaling ang mahihirap na pasyente.

Hindi pa man, maraming salamat po, Cong. Jolo Revilla.

@@@

Kamakailan din, binigyan ng family food packs ang pamilya ng mga pedicab, tricycles at mini bus drivers sa bayan ng Rosario na ayuda ni Sen. Bong Revilla, na kasama rin sa nabigyan ay ang mga pininsala ng bagyong Paeng.

Kasama ni Cong. Jolo sa pamimigay ng ayuda ay ang kanyang kuya Bryan, ang ating Agimat Partylist Representative, Rosario Vicee Mayor Bamm Gonzales, ating mga Konsehal at mga Kapitan at ang makisig na alkalde -- si Mayor Voltaire Ricafrente, anak ng ating kaibigang Mayor Jose 'Nonong' Ricafrente na ngayong Dis. 11, ating ginugunita ang ikalawang taon ng kanyang pagpanaw.

Rest In Peace po, Mayor Nonong, we miss you na mga kaibigan mo sa media.







*Yan ang pagmamahal ni Cong. Jolo Revilla, tunay na may 'care' na, may pamasko pa!*

# SSS, GSIS 'out' as Maharlika Investment Fund contributors

**By JOSE CIELITO and MARITA MOAJE** – Speaker Martin G. Romualdez and other leaders of the House of Representatives on Wednesday decided to remove the Social Security System (SSS) and Government Service Insurance System (GSIS) as contributors to the proposed Maharlika Investment Fund (MIF).

Marikina City Rep. Stella Quimbo, a co-author of Romualdez of the MIF bill, said they made the decision after meeting with the administration's economic managers, who drafted the measure.

"Based on our assessment of the proposed changes put forward by the economic team, we are amending the bill to change the fund sources, removing GSIS and SSS as fund contributors and instead utilize profits of the Bangko Sentral ng Pilipinas," Quimbo said in a press conference Wednesday night, Dec. 7.

Upon the Speaker's instructions, Quimbo said the changes would be introduced into the bill by the House Committee on Appropriations in a meeting on Friday.

"Maganda na nagsagawa tayo ng series of consultations ukol sa panukala; na-validate ang mga agam-agam ng ating mga kababayan, lalo na ang masisipag na manggagawang Pilipino, na buwan-buwang naghuhulog ng (It was god that we undertook a series of consultations regarding the proposal. We validated the qualms of our countrymen, especially our hard-working Filipino workers who contribute to) GSIS and SSS," she said.

Quimbo pointed out that the purpose of the proposed Philippine sovereign wealth fund "is to become an investment vehicle where existing surplus capital of the government can grow and reap benefits."

"Anuman ang sobrang kapital ng gobyerno ay mabuting ipuhunan sa mga proyekto na may (It would be better for any excess capital of the government to be invested in projects with) high returns. Sa taumbayan din ang balik ng kita ng investments ng Maharlika na mararamdaman sa mas mataas na budget para sa mga programa ng gobyerno na tutugon sa pangangailangan ng bawat Pilipino (The profits of Maharlika would be returned to the people that would be felt through higher budget for government programs that will address the needs of every Filipino)," Quimbo said.

As the bill goes through the deliberation and approval process, Quimbo assured the House "will put in place safety nets to ensure the success of the project."

"Dapat masiguro na ang batas na maglilikha ng (It must be ensured that the law that will create the) Maharlika Fund ay mayroong katapat na probisyon na magtatakda sa pangangalaga ng pondo ng bayan (should have corresponding provisions that will ensure the protection of public funds," Quimbo said. (Philippine News Agency)